



Sensorineural na Pagkawala ng Pandinig

Mga Sanggunian:



[Higit pa tungkol sa SNHL](#)



[Mga sanhi at paggamot](#)

- Ang tunog ay kinokolekta ng panlabas na tainga at inililipat pababa sa kanal ng tainga patungo sa eardrum. Gumagalaw/nagva-vibrate ang eardrum bilang tugon sa soundwave na nag-uudyok ng chain reaction na paggalaw ng tatlong buto sa gitnang tainga. Ang tunog ay ipinapadala sa buong eardrum at mga buto sa gitnang tainga (malleus, incus at stapes) hanggang sa pintuan ng kaloob-loobang tainga (oval window).
- Kapag ang vibration ng tunog ay umabot sa oval window, ang paggalaw ng huling buto sa gitnang tainga ay nagtutulak sa likidong nasa loob ng kaloob-loobang tainga (cochlea). Ang likidong ito ay gumagalaw (sa parehong frequency at intensity ng soundwave), at pinasisigla nito ang mga maliliit na sensory hairs cells na gumalaw.
- Ang paggalaw ng hair cell ay lumilikha ng mga electrical impulse na ipinapadala sa ugat ng pandinig patungo sa mga sentro ng pandinig ng utak. Pagkatapos ay kinikilala ng utak ang tunog.
- Kapag may kapansanan/pinsala/malformation sa mga maliliit na hair cell o istraktura ng kaloob-loobang tainga, tinatawag natin itong “sensory” na pagkawala ng pandinig.
- Ang “neural” na pagkawala ng pandinig ay kapag ang kapansanan/pinsala/malformation ay sa ugat ng pandinig.
- Kung hindi malinaw kung saan naroroon ang problema sa kaloob-loobang tainga, ang pagkawala ng pandinig ay maaaring pangalanan bilang “sensorineural na pagkawala ng pandinig”.
- Maaaring mangyari ang sensorineural na pagkawala ng pandinig sa maraming dahilan, kabilang ang karamdaman (ng ina o ng sanggol), mga gamot, genetic na sanhi, o bilang bahagi ng isang syndrome. Minsan, ito ay hindi nalalaman.
- Ang sensorineural na pagkawala ng pandinig ay maaaring mula sa napaka-banayad hanggang sa malubha. Gayundin, ang isang bata ay maaaring magkaroon ng magkahalong pagkawala na kinabibilangan ng parehong conductive at sensorineural na pagkawala ng pandinig.
- Alam natin na kahit ang banayad na pagkawala ng pandinig ay maaaring magkaroon ng malaking epekto sa kakayahan ng mga sanggol na matutong makinig at magsalita, kaya ang paggamot ay dapat laging siyasatin at ibigay sa lalong madaling panahon.
- Ang paggamot para sa sensorineural na pagkawala ng pandinig ay maaaring ang paglalagay ng mga hearing aid, implantation ng cochlear o kumbinasyon ng dalawa.

